# ALPABETO NG PAGKATUTO

*by:*
**Desiree M. Dela Cruz**
*Mariveles National High School - Cabcaben*

"A-e-i-o-u" nasanay ang mundo na tawagin ito bilang mga patinig.

Ngunit sa panahon ngayon? Iyan ang sumisimbolo ng estudyanteng kapos at may mahinang koneksiyon ng internet sa tahanan.

Putol putol. Utal utal. Hindi man ang dahilan ay kanerbyosan sa pagsagot sa tanong ng guro, sa bagal at hina ng data o ng wifi naman, paniguradong hindi na matututo.

Bakas sa mukha ng bawat estudyante ang hirap ng sitwasyong kanilang pilit nilalabanan araw-araw. Samu't saring emosyong nararamdaman: may tuwa na makakapag aral kahit may pandemya, may lungkot at pagdududa kung natututo pa ba o na iipit nalang sa mga pangyayari at gusto nalang na makatapos kahit naghihikahos na. Kakaunti ang may pera, ang dapat na panghanda sa hapag kainan, pang load na lamang sa pag asang balang araw ay matatapos din ang hirap na tinatamasa. Ang dating saya sa pagpasok sa eskwela, unti unti nang napapalitan ng pagod. Ang pakiramdam na may kasama, napapalitan ng pakiramdam ng mag isa. Idagdag pa ang patong patong na takdang aralin, gawain sa tahanan at walang kunsiderasyong kapaligiran.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isang paalala sa karamihan, na hindi lahat ng estudyanteng nagsisikap ay hindi na naghihirap.

Sa muling pagbubukas ng paaralan isa na namang bagong kabanata ang ating aabangan. Ito na nga ba ang exciting part? O baka naman ito ang exhausting part?

A-Ba-Ka-Da. Ano na nga ba?

Aba, at maari na naman tayong bumalik sa silid-aralan. Ngiting pambungad ng ating guro ay muli nanamang masisilayan. Balik na naman sa a-e-i-o-u, ngunit hindi na dulot ng putol putol na koneksyon kundi dahil sa kaba at tension sa mga bagong leksyon.

Ka…kadami-daming kaalaman na dapat habulin sapagkat nahuli sa mga diskusyon ng nakaraang dalawang taon ng hindi kayanin ng de-keypad na selpong pinamana pa ni inay. Idagdag pa ang hirap ng signal dito sa aming liblib na lugar. Madalas pang lobat ang cp na pinapacharge ko pa sa baterya ni ka- Enteng.

Da- dala-dala sa aking muling pagtungtong sa silid paaralan ang pag-asa na sana ang mga kaalaman at karanasang ninakaw ng pandemya ay maibalik at matugunan ng aking mga guro. Mga gurong makakausap mo hindi tulad ng modyul na madalas na kaharap ko.

Tunay na mahirap ang sitwasyon, ngunit mas mahirap kung kakalimutan na lamang ang mga alpabeto ng pagkatuto.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Rosales, R. J., Pagsuyoin, J. C., (2021), Entering a new academic year: the problem faced in online learning amid the COVID-19 pandemic, Journal of Public Health 44(3), https://academic.oup.com/jpubhealth/article/44/3/e463/6327013

Presse, A. (2022), Philippine classrooms reopen after more than two years, VOA News, https://www.voanews.com/a/philippine-classrooms-reopen-after-more-than-two-years/6711225.html